
# Point VIEWER Publishing

PVN


**The Word of God**



**John 13:34-35 NIV**

"A new command I give you: Love one another. As I have loved you, so you must love one another. By this all men will know that you are my disciples, if you love one another."



by: Bro. Ernie Acayan


ISSN : 2704 - 4270 | VOL. 09 | ISSUE NO . 04 | AUGUST 24 - 30, 2026 | ₱ 15.00


# BAUERTEK FARMACEUTICAL TECHNOLOGIES CORP. CLINCHES GOLD & SILVER HONORS AT SILICON VALLEY INTERNATIONAL INVENTION FESTIVAL


PAHINA 3












## Pahayag ni PBBM na hindi 'ill-gotten' ang ilang kayamanan ng kanilang pamilya, tinawag ng ATOM na 'fake news'


BASAHIN SA PAHINA 2



BASAHIN SA PAHINA 2


## 165-K capsule ng gamot kontra sakit dulot ng baha, tiniyak handang maipahamagi sa Maynila



## Alas PilipinasGirls finishes 15th in FIVB U17 World Championship




PAHINA 8


## Alex Eala haharap sa world No. 10 Amanda Anisimova sa Cincinnati Open


BASAHIN SA PAHINA 8


## Wolves, ireretiro na ang No. 21 jersey ni Kevin Garnett


BASAHIN SA PAHINA 8




## NBA star Anthony Edwards, dumating na sa Maynila para sa fan events


BASAHIN SA PAHINA 8

# Estrada, Marcoleta, pwede maging miyembro ng Senate committees ngunit 'di papayagang bumoto —Sen. Erwin



Naniniwala si Senator Erwin Tulfo na dapat manatiling miyembro ng mga Senate committee sina Senators Jinggoy Estrada at Rodante Marcoleta kahit sila ay kasalukuyang nakakulong, ngunit hindi dapat aniya payagang bumoto sa mga committee proceedings.

Inihalimbawa ito ng mambabatas sa kaso noon ni dating senator at kasalukuyang Mamamayang Liberal Party-list Representative Leila de Lima, na dating miyembro ng Senate committee noong siya ay nakadetine.

Ayon kay Tulfo, nakapaghain pa rin noon ng mga panukalang batas si de Lima, ngunit hindi siya nakaboto dahil hindi siya nakakadalo sa mga sesyon habang nasa kulungan.

Iginiit niyang dapat ding ganito ang treatment kina Estrada at Marcoleta.

Si Marcoleta ay nakakulong kaugnay ng kasong P75 million plunder case, habang si Estrada naman ay nakaditene dahil sa P573-million plunder case at graft charges.

Samantala, sinabi rin ni Tulfo, chairman ng Senate Committee on Energy, na tatanungin niya ang National Electrification Administration tungkol sa posibleng pananagutan ng mga pulitikong hindi nagbabayad ng kanilang electricity bills.

Nauna nang binigyang-pansin ni Tulfo ang umano'y ilang pulitikong may-ari ng electric cooperatives na hindi nagbabayad ng kanilang konsumo sa kuryente.

## DOJ, iginiit di' apektado ang 'impeachment trial' sa kasong 'grave threats' vs. VP Sara Duterte

Binigyang diin ng Department of Justice na hindi makakaapekto ang isinampang kasong 'grave threats' laban kay Vice President Sara Duterte sa 'Impeachment Trial' ng Senado.

Sa panayam kay Justice Spokesperson Atty. Polo Martinez, kanyang iginiit na hiwalay ang proseso ng kaso sa nagpapatuloy na 'impeachment proceedings'.

Magkaiba aniya ang mga ito kung kaya't hindi umano dapat makakaapekto ang paglilitis ng Senate Impeachment Court sa paghawak ng Regional Trial Court sa kasong 'grave threats' kontra ikalawang pangulo.

Ayon sa tagapagsalita, ang 'impeachment trial' ay saklawa ng lehislatura sa pangunguna ng mga 'senator judges', habang hukuman naman ang kasong kriminal.

Kahapon, pormal nang kinasuhan ng DOJ si Vice President Sara Duterte ng 'grave threats' sa Regional Trial Court ng Quezon City.

Kaugnag ito sa ginawang pagbabanta ng ikalawang pangulo sa buhay nina Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr, First Lady Liza Araneta-Marcos, at former House of Representatives Speaker Martin Romualdez.

Higit isang taon bago tuluyan isampa ng kagawaran ang kaso sa korte buhat nang i-refer ng National Bureau of Investigation noon pang 2025.

Paliwanag ni DOJ Spokesperson Martinez, walang naging epekto o impluwensya rito ang isinasagawang 'impeachment trial' ng senado sa bise presidente.

Sa kasalukuyan, nasa hurisdiksyon na ng korte ang kasong grave threats laban kay Vice President Sara Duterte.

Habang ang 'inciting to sedition complaint' nama'y ibinasura ng prosekusyon dahil sa kawalan ng dapat na ebidensya.

## Lacson, naghain ng panukalang itaas sa 57 ang retirement age ng PNP, BJMP at BFP

Naghain si Senator Panfilo "Ping" Lacson ng dalawang panukalang batas para itaas mula 56 patungo sa 57 taong gulang ang compulsory retirement age ng uniformed personnel ng Philippine National Police (PNP), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), at Bureau of Fire Protection (BFP).

Sa ilalim ng Senate Bills 2395 at 2396, sinabi ni Lacson na layunin nitong mapanatili nang mas matagal ang kaalaman, karanasan at leadership ng mga senior personnel, habang nabibigyan din sila ng mas maraming panahon para maipasa ang kanilang expertise sa mga nakababatang opisyal.

Sa SB 2395, iminungkahi ni Lacson na itaas sa 57 ang retirement age ng mga uniformed personnel ng PNP upang magkaroon pa ng panahon ang pamunuan na ipatupad ang mga institutional reforms at mapakinabangan ang karanasan ng mga tauhan.

Samantala, sa SB 2396, kapwa itataas sa 57 ang retirement age ng uniformed personnel ng BJMP at BFP.

Ayon kay Lacson, nakaayon din ang mga panukala sa naging pagbabago sa compulsory retirement age ng mga miyembro ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Batay sa datos na binanggit ni Lacson, may humigit-kumulang 230,410 uniformed personnel ang PNP, 26,000 sa BJMP at 41,286 sa BFP.

Sa panukala para sa PNP, ang mga personnel na wala pang isang taon ang serbisyo matapos maipasa ang batas ay maaari pa ring piliing magretiro sa edad na 56.

Samantala, mananatili sa 56 taong gulang ang compulsory retirement age ng kasalukuyang PNP chief.

Para naman sa ilang matataas na opisyal ng BJMP at BFP na may ranggong chief superintendent, director o deputy director general, maaari silang manatili sa serbisyo nang isang taon, ngunit hindi na maaaring palawigin pa.





## Dagdag-sahod para sa special needs teachers, itinutulak ni Rep. Yamsuan

Isinusulong ni Parañaque 2nd District Rep. Brian Yamsuan ang panukalang batas na magtataas sa sahod ng mga special needs education (SNed) teachers upang matugunan ang kakulangan ng mga guro para sa mga mag-aaral na may kapansanan.

Sa ilalim ng House Bill 5574, itataas mula Salary Grade 14 tungo sa Grade 16 ang minimum salary grade ng SNed teachers sa mga pampublikong paaralan.

Katumbas ito ng basic pay na P45,694 kada buwan ngayong taon at P47,829 pagsapit ng 2027.

Ayon kay Yamsuan, kailangan ng sapat na bilang ng SNed teachers upang mabigyan ng pantay na oportunidad sa edukasyon ang mga mag-aaral na may kapansanan.

Batay sa datos, mayruong 391,089 learners with disabilities (LWDs) na naka-enroll sa public schools noong school year 2024-2025, ngunit wala pang 6,000 SNed teachers na nagsisilbi sa kanila.

Sinabi ni Yamsuan na may humigit-kumulang 600 bagong SNed teaching positions na nilikha ng Department of Education (DepEd) ngayong taon ngunit hindi pa mapunan dahil hinihintay ang bagong qualification standards mula sa Civil Service Commission (CSC). Nanawagan ang mambabatas sa CSC na pabilisin ang proseso at sa Kongreso na ipasa ang panukalang dagdag-sahod upang makahikayat at mapanatili ang mas maraming SNed teachers sa mga pampublikong paaralan.

## Pahayag ni PBBM na hindi 'ill-gotten' ang ilang kayamanan ng kanilang pamilya, tinawag ng ATOM na 'fake news'

Mariing pinalagan ng grupong August Twenty One Movement (ATOM) ang pahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na hindi "ill-gotten" o nakaw ang ilang kayamanan ng kaniyang pamilya.

Ang grupong ATOM ay nabuo matapos mapaslang si dating Senador Benigno Aquino Jr. noong 1983 at kilala sa naging papel nito sa 1986 People Power Revolution, na nagpatalsik kay dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr., ama ni Pangulong Marcos Jr.

Sa isang statement, tinawag ng grupo ang pahayag ng Pangulo na hindi totoo at fake news.

Bagamat hindi na umano ito nakakagulat dahil kilala na aniya ang Marcos sa pagsisinungaling at propaganda.

Ipinaalala rin ng grupo na noong 2018, sinentensiyahan ng Sandiganbayan si dating First Lady Imelda Marcos na makulong ng anim hanggang labing-isang taon. Ito ay para sa paglabag sa anti-corruption law nang madiskubre na iligal niyang inilipat ang $200 million sa Swiss foundations noong 1970s bilang gobernador ng Metro Manila.

"Be that as it may, getting to Malacanang does not entitle him to distort Philippine history. Getting to Malacanang should not give anyone, for that matter, the audacity to violate the truth. But what can a man who was born and raised by a family that treats falsehood as their basic need to abuse others do? Well, Bongbong still lies every time he gets the chance because, to him, it is just the way life is. Perhaps the Marcos children simply cannot handle or discern the truth. His mother did say once in a documentary, "perception is real, truth is not," giit ng grupo.

Matatandaang sa ginanap na presidential luncheon noong Biyernes, Agosto 14, dinipensahan ng pangulo ang pag-characterize o pag-uri sa ilan sa kanilang yaman bilang ill-gotten wealth.Ipinaliwanag ng pangulo na hindi ill-gotten wealth o nakaw na yaman ang mga ari-arian ng kaniyang pamilya dahil nanalo sila sa ilang civil cases sa korte."The reason we won those civil cases is because they were proven to be not ill-gotten wealth. To characterize that as ill-gotten wealth, immediately I have to respond and to say— kaya nga kami nanalo dahil napatunayan namin na hindi ito ill-gotten wealth," saad ng pangulo.Inamin ng Pangulo na nakaligtaan niya ang kaniyang tungkulin bilang co-executor ng ari-arian ng kaniyang ama at sinabing mas mahalaga ang pamumuno niya bilang pangulo ng Pilipinas kaysa sa mga usaping pampamilya.Samantala, ipinauubaya naman na ni Pang. Marcos ang usapin ng hindi pa nababayarang bilyon-bilyong estate tax sa kaniyang mga abogado.


Point VIEWER Publishing (PVN)

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

PAPI
Publishers Association of the Philippines, Inc.



**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.



**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# BauerTek Farmaceutical Technologies Corp. Clinches Gold & Silver Honors at Silicon Valley International Invention Festival









MANILA, PHILIPPINES — August 16, 2026 — Bauertek Pharmaceutical Technologies, a proudly Filipino pharmaceutical innovation firm, has earned two Gold Medals and one Silver Medal — a total of three prestigious honors — at the Silicon Valley International Invention Festival (SVIIF) Awards Ceremony, held in California, USA. The event, themed "The Heartbeat of Invention and Innovation," is one of the world's leading gatherings of inventors, scientists, and innovators, organized in partnership with the International Inventors Federation (IIFIA), World Intellectual Property Organization (WIPO), and the United Inventors Association.

**Three Awards for Filipino Innovation**

Bauertek's groundbreaking patented inventions each earned Gold or Silver Medals and official SVIIF Diplomas, recognizing their scientific merit, originality, and potential global impact:

- TRIHERBGI — A specialized formulation developed for the effective management and treatment of digestive tract disorders, offering a novel, plant-based therapeutic approach.
- JAMPERINE — A breakthrough formulation targeting pancreatic function, engineered to help activate the pancreas to naturally produce insulin, offering new hope in diabetes care.
- ProNitroLite or PNL— An innovative metabolic wellness solution designed to support healthy fat metabolism and energy utilization, with the core concept: "Turning Fat Into Fitness."

The inventions are patented under the names of Inventors Richard Nixon Gomez and Rigel Gomez, whose research and development work represents years of rigorous scientific study and clinical refinement. Bauertek's booth prominently displayed the Philippine flag, standing as a symbol of national pride and reinforcing the country's growing role in global pharmaceutical research and invention. SVIIF judges evaluated thousands of entries from across the globe, assessing novelty, inventive step, utility, and societal impact. Bauertek's haul of two Gold and two Silver awards underscores the world-class quality and originality of Filipino-led pharmaceutical innovation. Moving forward, the company aims to advance clinical development, secure broader international intellectual property protection, and partner with global healthcare distributors to make these life-enhancing products available to patients worldwide — starting with communities across the Philippines.



## 165-K capsule ng gamot kontra sakit dulot ng baha, tiniyak handang maipahamagi sa Maynila

Tiniyak ng lokal na pamahalaan ng Maynila ang pagiging handa nito sa pamamahagi ng gamot kontra mga sakit dulot ng pagbaha kasabay ng ilang araw na pag-ulan nararanasan.

Inihayag mismo ni Manila Mayor Francisco 'Isko' Moreno Domagoso na naghanda ang lungsod ng aabot sa 165-libong capsule ng gamot na magagamit bilang proteksyon kontra leptospirosis. Ayon sa alkalde, 'available' ang gamot sa mga health centers ng iba't ibang distrito sa lungsod ng Maynila para sa sinuman mangangailangan.

Paliwanag ni Mayor Isko Moreno na ang hakbang ito ay bunga ng mga karanasan sa nakaraan kaya't minaiging naghanda ng libu-libot gamot bilang dagdag proteksyon lalo na sa mga lumusong sa baha.

Kaugnay pa rito'y kinilala naman ng alkalde ang pagsunod sa direktibang lingguhan paglilinis o de-clogging drive, pangonglekta ng basura sa lungsod at mabilis na pagtugon sa paglikas.

Naniniwala ang opisyal na ang mga ito'y nakatulong upang maibsan ang epekto ng ilang araw na halos walang tigil na mga pag-ulan dulot ng habagat.

## DOJ, binigyang diin walang nagba-bar o nagbabawal para makasuhan si VP Sara Duterte

Binigyang diin ng Department of Justice na walang nagba-bar o nagbabawal para masampahan ng kaso si Vice President Sara Duterte.

Sa naganap na pulong balitaan ng kagawaran, inihayag mismo ni Prosecutor General Richard Anthony Fadullon na wala namang nagba-bar upang di' makasuhan ang nakaupong ikalawang pangulo.

Ito aniya ang pananaw ng Department of Justice patungkol sa usapin kung maari nga bang sampahan ng kaukulang kaso ang isang 'impeachable officer'.

Kasunod ang naturang pahayag ng opisyal matapos igiit ng kampo ng akusado na hindi umano maaring i-prosecute ang bise presidente kasabay ng 'senate impeachment trial'.

Kung kaya't dahil dito'y nanindigan ang kagawaran na ang proseso ng korte sa kasong isinampa kontra sa opisyal ay hiwalay o magkaiba sa nagaganap na paglilitis sa senado.

Ipinauubaya na lamang daw nila sa hukuman ang pagdetermina o pagresolba sa kaso kahit pa isang impeachable office si Vice President Duterte.

Kamakailan lamang ay pormal nang sinampahan ng Department of Justice si Vice President Sara Duterte ng kasong 'grave threats'.

Kaugnay ito sa pagbabanta ng bise presidente sa buhay nina Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr, first Lady Liza Araneta-Marcos at former House Speaker Martin Romualdez.

Subalit kasabay din nito ay ang pagkakabasura naman ng 'inciting to sedition case' sa kagawaran kontra sa ikalawang pangulo.

Kung saan pinanindigan ni Proseutor General Fadullon ang naging resolusyon dito at iginiit na ebidensya ang kanilang pinagbatayan.

Ito'y matapos ihayag ni Palace Press Officer Usec. Claire Castro na nakukulangan umano siya sa kasong grave threats lamang na inihain laban sa bise presidente.

Inaasahan naman na magsusumite ng kumento ang kagawaran sa motion to quash na inihain ng kampo ni Vice President Duterte na layon mabasura lamang ang kasong kinakaharap.

## Rep. Diokno, mariing itinanggi na siya ang recipient ng OVP confidential funds

Pinalagan at mariing itinanggi ni Akbayan Party-list Rep. Jose Manuel "Chel" Diokno ang mga ulat na nag-uugnay sa kanyang pangalan sa mga nakalap na resibo ng confidential funds ng Office of the Vice President (OVP).

Kasunod ito ng paglutang ng pangalang "Jose Diokno, Jr." sa mga acknowledgment receipt na iprininta sa impeachment court bilang kabilang umano sa mga nakatanggap ng pondo.

Nilinaw ng mambabatas at kilalang human rights lawyer na "Jose Manuel Diokno" ang kanyang opisyal na pangalan at kailanman ay hindi siya naging ahente o tumanggap ng anumang pondo mula sa Bise Presidente.

Binigyang-diin niya na matagal nang ginagamit ng kanyang mga kritiko ang ganitong klaseng isyu upang sirain at dungisan ang kanyang reputasyon.

Bumweltas din si Diokno sa mga bashers at trolls na nanamantala sa nasabing impormasyon.

Aniya, kung ipipilit ng mga ito na siya nga ang nakatanggap ng nasabing pondo, tila inamin na rin ng mga sumusuporta kay Vice President Sara Duterte na mayroong matinding iregularidad at maling paggastos sa confidential funds ng OVP.





## DOLE, lalaban para maipatupad ang P85 wage hike sa NCR

Nangako ang Department of Labor and Employment (DOLE) na gagamitin nito ang lahat ng legal remedy upang kuwestiyunin at ipawalang-bisa ang desisyon ng Pasig Regional Trial Court na nagpalawig sa suspensiyon ng P85 minimum wage increase sa National Capital Region.

Matatandaang naglabas ang Pasig RTC ng preliminary injunction, kaya nananatiling suspendido ang pagpapatupad ng dagdag-sahod.

Ayon kay Labor Secretary Francis Tolentino, hindi lamang umano ipinahinto ng korte ang wage increase kundi direktang naapektuhan ang kakayahan ng mga manggagawa na matustusan ang kanilang mga pamilya.

Giit pa ni Tolentino na bawat pisong dagdag sa kita ay mahalaga lalo na sa kasalukuyang panahon, dahil nakasalalay dito ang pagkain, tirahan at maayos na pamumuhay ng mga pamilya ng mga manggagawa.

Sinabi pa ng kalihim na hindi pababayaan ng DOLE ang mga manggagawa at patuloy itong lalaban upang makahanap ng solusyon at maibigay sa mga ito ang nararapat na dagdag-sahod.

## PNP, inatasan ang mga police commander na higpitan ang pagsunod sa waste segregation



Inatasan ng Philippine National Police (PNP) ang mga police commander sa buong bansa na higpitan ang pagsunod sa tamang waste segregation at disposal bilang bahagi ng pagtugon ng pamahalaan sa lumalalang problema sa basura.

Ayon kay PNP chief Police Gen. Jose Melencio Nartatez Jr., dapat maging halimbawa ang mga pulis sa pagpapanatili ng kalinisan sa kanilang mga opisina at komunidad. Aniya, dapat magsimula mismo sa mga police office at unit ang tamang pagtatapon at paghihiwalay ng basura. Saklaw ng direktiba ang lahat ng police office at unit, kabilang ang mga precinct, police station, municipal at city police station.

Inatasan ang mga commander na tiyaking may magkahiwalay na basurahan para sa biodegradable at non-biodegradable waste.

Sinabi ng PNP na susuportahan nito ang panawagan nina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at Interior Secretary Jonvic Remulla para sa mas mahigpit na pagpapatupad ng mga hakbang laban sa problema sa basura.

Samantala, nangako si Nartatez na tutulong ang PNP sa mga lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng mga ordinansa kaugnay ng tamang pagtatapon ng basura.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFFICIO SHERIFF
MANDALUYONG CITY
E-mail: rtc1mdlocc@judiciary.gov.ph (639952598147)

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

**FRE-MC26-2269**
**Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118**

**CARLOS MELEGRITO ESTRADA,**
Debtor/Mortgagor.
x-----------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, against **CARLOS MELEGRITO ESTRADA,** Debtor/Mortgagor, with postal address/es at (1) No. 2208 Don Chino Roces Avenue, Unit 1420, Makati City 1231; (2) Unit 29P, Eastwood Global Plaza, Palm Tree Avenue, Bagumbayan, Quezon City; and (3) Unit 3923, 39th Floor, Building 2, Fame Residences, EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City 1550, to satisfy the mortgaged indebtedness which as of **July 6, 2026** amounts to **FIVE MILLION FIVE HUNDRED FORTY-FIVE THOUSAND EIGHT HUNDRED FORTY-ONE & 60/100 PESOS (P5,545,841.60) ONLY** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the Ex-Officio Sheriff of Mandaluyong City or his duly authorized deputy will sell at PUBLIC AUCTION to the HIGHEST BIDDER FOR CASH OR MANAGERS CHECK and in Philippine Currency on **September 30, 2026 at 9:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 12:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of Mandaluyong City Hall, Maysilo Circle, Mandaluyong City,** the following Condominium unit/s with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 008-2025002527**
**Registry of Deeds – Mandaluyong City**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER 2
UNIT NO. : 3923
FLOOR LEVEL: THIRTY-NINTH FLOOR
UNIT DESCRIPTION: 1 BR WITH BALCONY
APPROX. AREA : 24.1

OF THE "FAME RESIDENCES" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2014000521 which embraces and describes the land located at MANDALUYONG CITY with an area of (EIGHTEEN THOUSAND NINE HUNDRED SEVEN (18,907)) Square Meter x x x x x

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on October 7, 2026, 9:00 A.M. or soon thereafter without further notice."

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrances thereon, if any there be.

Mandaluyong City, Philippines, August 6, 2026.

FOR THE EX-OFFICIO SHERIFF

BY:

**(SIGNED)**
**VICTOR M. PE BENITO**
Sheriff IV

Copy furnished:

MS. APRIL ROSE C. PAPA
BDO UNIBANK, INC.
Consumer Remedial Management Unit
33/F BDO Corporate Center Ortigas,
12 ADB Avenue, Ortigas Center,
Mandaluyong City

CARLOS MELEGRITO ESTRADA
(1) No. 2208, Don Chino Roces Avenue, Unit 1420, Makati City 1231
(2) Unit 29P, Eastwood Global Plaza, Palm Tree Avenue, Bagumbayan, Quezon City 1109
(3) Unit 3923, 39th Floor, Building 2, Fame Residences, EDSA, Barangay Highway Hills, Mandaluyong City

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of Auction Sale, under penalty of the Law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 24, 31 & September 07, 2026**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 176, MANILA**
7th Floor, Parkview Plaza Building, T.M. Kalaw St., corner Taft Ave., Ermita, Manila.
Tel No. (02) 8628-2988
E-mail: rtc1mnl176@judiciary.gov.ph

**IN THE MATTER OF THE PETITION FOR CORRECTION OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ANGEL PERALES RAMILO, BEARING REGISTRY NO. 8612127, TO CORRECT THE ERRONEOUS ENTRY OF THE PETITIONER'S FIRST NAME AND SURNAME FROM "ENGELL CANIZARES" TO "ANGEL RAMILO" UNDER ITEM NO. 1 OF THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH, AND TO CORRECT THE ERRONEOUS ENTRY OF THE FATHER'S NAME FROM "ANGELIO L. CANIZARES" TO THE TRUE NAME "PEDRO RAMILO" UNDER ITEM NO. 9 THEREOF.**

**ANGEL PERALES RAMILO,**
Petitioner,

**CASE NO. R-MNL-26-03303-SP**
**For: Correction of Entry**

-versus-

**PHIILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, CIVIL REGISTRAR GENERAL, LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, AND ALL PERSONS/ENTITIES WHO/WHICH MAY BE AFFECTED THEREBY,**
Respondents.
x-----------------------------------x

## ORDER

Before this Court is an amended verified petition seeking the correction and annotation, in the records of the Local Civil Registrar of Manila City and in the Certificate of Live Birth of the herein Petitioner. Specifically, the petition prays for the correction of the Petitioner's first and last name from "ENGELL CANIZARES" to "ANGEL RAMILO", and the corresponding correction of the entry pertaining to his father's name from "ANGELIO L. CANIZARES" to "PEDRO RAMILO", so that his true, correct and legally recognized name will be reflected therein.

This amended verified petition is hereby set for hearing on **September 30, 2026, in the morning** before the Regional Trial Court, Branch 176, Manila, located at the 7th Floor, Parkview Plaza Building, Kalaw Road corner Taft Avenue, Ermita, Manila.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be chosen by the Office of the Clerk of Court through the Office of the Executive Judge, pursuant to Presidential Decree No. 1079.

The Local Civil Registrar of Manila, through the Office of the Solicitor General, as well as any person who has or claims any interest in the entries sought to be corrected, may file their opposition thereto within fifteen (15) days from receipt of notice or from the last date of publication of this Order.

Let copies of the amended verified petition, together with its annexes, and this Order be furnished to the respondents.
**SO ORDERED.**
Manila, Philippines, July 16, 2026.

**(SIGNED)**
**CLYDE L. ASUAL**
Presiding Judge

Copy Furnished:

**ATTY. MIGUEL CASTILLO**
**ATTY. IVY S. EDODOLLON**
Counsel for the Petitioner
Unit 19M, Tower1, The Columns Legaspi Village
1229 Antonio Arnaiz Ave., Legaspi Village Makati City,
1223 Metro Manila
E-mail: sanishinternational.legal@gmail.com

**LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA**
Ground floor, Manila City Hall, A Villegas Street, Ermita, Manila

**PHILIPPINE STATISTICS OFFICE**
PSA Complex, East Avenue, Diliman, Quezon City

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo Street, Legaspi Village, Brgy. San Lorenzo, Makati City

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT MANILA**
4th Floor, Manila City Hall, A Villegas Street, Ermita, Manila

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 24, 31 & September 07, 2026**

# Antas ng tubig sa Angat Dam, umakyat na muli sa 180 meters; Ambuklao, Binga, patuloy sa pagpapakawala ng tubig

Umakyat na muli sa 180 meters ang antas ng tubig sa Angat Dam, mula sa dating napakababa na 150 meters, halos isang buwan na ang nakakalipas.

Dahil dito, lagpas na sa critical level na 160 meters ang antas ng naturang dam.

Matapos ang halos tatlong linggo na pag-ulan sa watershed ng dam, umangat ang antas nito ng halos 30 meters.

Bago ang mga serye ng pag-ulan ay pinangangambahang lalong bababa ang antas ng tubig sa Angat na pangunahing nagsusuplay ng malinis na tubig sa National Capital Region at iba pang katabing probinsiya.

Sa kabilang banda, patuloy namang nagpapakawala ng tubig ang dalawang malalaking dam sa Luzon na Ambuklao Dam at Binga Dam.

Sa Ambuklao, dalawang gate nito ang nakabukas at nagpapakawala ng mahigit 213 cubic meters per second (cms) na tubig.

Dalawang gates din ang nakabukas sa Binga dam ngunit mas mataas ang pinapakawalan nitong bulto ng tubig na nasa 225 cms.

Ang antas ng tubig sa dalawang nabanggit na dam ay parehong isang metro lamang na mas mababa kumpara sa Normal High Water Level ng mga ito, dahil na rin sa mga naipong tubig-ulan.

Batay sa record ng state weather bureau, pare-pareho nang umaangat ang antas ng tubig sa lahat ng major dam sa Pilipinas.



# Former Pinay beauty queen, 5 Russian women, nasagip sa umano'y human trafficking sa Makati

Nasagip ng National Bureau of Investigation (NBI) ang isang dating Filipino beauty queen at limang Russian women na umano'y biktima ng human trafficking sa isang operasyon sa Makati City.

Ayon sa NBI, isinagawa ng International Operation Division ang operasyon sa isang five-star hotel noong Miyerkoles ng gabi.

Naaresto ang 42-anyos na suspek matapos nitong tanggapin ang marked money mula sa isang undercover agent.

Sinabi ni NBI Director Melvin Matibag na nakatanggap sila ng intelligence report tungkol sa suspek na umano'y nagdadala ng mga babae at nag-aalok sa kanila para sa sexual favors kapalit ng malaking halaga ng pera. Ang mga nasagip na babae ay dinala na sa pangangalaga ng mga social worker sa Makati.

Ayon kay Matibag, ang Filipina ay isang dating beauty queen na kilala sa industriya.

Samantala, nagpakilalang foreign models ang limang Russian women, ngunit sinabi ng NBI na tourist ang kanilang immigration status.

Nakikipag-ugnayan na rin ang ahensya sa Russian Embassy para sa mga nasagip na dayuhan.

Inaasahang kakasuhan ng qualified human trafficking ang naarestong suspek.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 297, PASAY CITY
3rd Floor, No. 105 JGG Building
Pasadeña St., Pasay City Tel. No. 8252-7651
Email Address: rtc1psy297@judiciary.gov.ph

MARIA RAISSA ALLEGRA
Z. SEGOVIA
Petitioner.

LRC Case No. R-PSY-26-01595-LR
For: Petition for Issuance of New Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095

-versus-

REGISTRY OF DEEDS FOR
PASAY CITY,
Respondents.

x---------------------------------------x

**ORDER**

Before this Court is a verified Petition filed by petitioner, through counsel on 02 July 2026, praying that after due notice and hearing, the herein Petition be GRANTED; that the Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095 be DECLARED as lost and without force and effect, and the Registry of Deeds of Pasay City be ORDERED AND DIRECTED to issue in lieu thereof a new Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095.

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the Court hereby set the same for hearing on **17 September 2026 at 8:30 in the morning** at the 3rd Floor, No. 105 JGG Building, Pasadeña St., Pasay City.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be selected by raffle pursuant to Presidential Decree No. 1079, and posted by the Branch Sheriff in three (3) conspicuous places in Pasay City.

The Sheriff / Process Server of this Court is directed to furnish the Registry of Deeds for Pasay City with a copy of this Order and the Petition with annexes.

SO ORDERED.
10 July 2026, Pasay City.

**(SIGNED)**
**RONALD AUGUST L. TAN**
Presiding Judge

Copy furnished:

Atty. Dionisio L. Cuevas II
Counsel for the Petitioner
No. 1036 Ongpin St., Sta. Cruz 1003 Manila
denniscuevas21@yahoo.com

Maria Raissa Allegra Z. Segovia
Petitioner
109 Rada St., Legaspi Village, Makati City

Register of Deeds for Pasay City
Respondent
Pasay City Hall Building, F.B. Harrison St., 1300 Pasay City
rd.pasaycity@lra.gov.ph / rdpasay003@gmail.com

Land Registration Authority
East Avenue cor. NIA Road, Diliman, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 10, 17 & 24, 2026**




Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
National Capital Judicial Region
**Branch 92, Quezon City**
Room 404, 4th Floor, Hall of Justice, Annex Building
Quezon City Hall Compound, Diliman, Quezon City
rtc1qzn092@judiciary.gov.ph/0939-626-0353/8548-0314

**IN RE: INTESTATE ESTATE OF ADELAIDA L. VELASCO,**

**PETITION FOR LETTERS OF ADMINISTRATION,**

**SPEC. PROC. CASE NO. R-QZN-26-04964-SP**

**JEFFREY L. VELASCO and JOHN ERICK L. VELASCO,**
Petitioners,

x-----------------------------------------------------------------------------------------------x

**ORDER**

A verified Petition was filed by petitioners through counsel, praying that after due notice and hearing, judgment be rendered:

a. That after due notice and hearing, letters of administration be issued to **LEILANI LACHICA-MENDIOLA** for the administration of the estate of the deceased ADELAIDA L. VELASCO, upon the giving of a bond in such reasonable sum as this Honorable Court may fix;

b. That after all the properties of the deceased ADELAIDA L. VELASCO have been inventoried and expenses and just debts have been paid and the legal heirs of the Decendent fully determined, that the said estate ADELAIDA L. VELASCO be settled and distributed among her heirs, all in accordance with law.

**WHEREFORE, NOTICE** is hereby given that this Petition will be heard on **05 November 2026 at 08:30 in the morning** before this court at Room 404, 4th Floor, Hall of Justice, Annex Building, Quezon City Hall Compound, Diliman, Quezon City. Anyone who has any objection to the instant petition may file, on or before the above scheduled hearing, an opposition with statement of the grounds relied upon for the opposition.

Let this Order be published at the expense of the petitioners **once a week for three (3) consecutive weeks** in a newspaper of general circulation in Metro Manila.

Let a copy of this Order be mailed to the **Office of the Solicitor General**, the **Office of the City Prosecutor**, the **Commissioner, Bureau of Internal Revenue, Office of the City Assessor, Registry of Deeds of Quezon City, Macario G. Velasco** and **Jake Michael L. Velasco.** All the foregoing have fifteen (15) days from their respective receipt of this Order or from the last day of the publication of this Order within which to file their respective opposition.

The petitioner is hereby **DIRECTED** to furnish a copy of the petition and its annexes to the **Office of the Solicitor General,** the **Office of the City Prosecutor,** the **Commissioner, Bureau of Internal Revenue, Office of the City Assessor, Registry of Deeds of Quezon City, Macario G. Velasco** and **Jake Michael L. Velasco,** within five (5) days from receipt of this Order.

Petitioner is **WARNED** that failure to observe the periods and to comply with the requirements contained in this Order will cause the dismissal of this case without prejudice to the refiling of the same.

**SO ORDERED.**

**Quezon City, Metro Manila, June 15, 2026.**

**(SIGNED)**
**HON. LEO FELIX S. DOMINGO**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 17, 24 & 31, 2026**

# Navotas LGU, tiniyak paiigtingin pa ang flood control system ng lungsod

Ibinida ng lokal na pamahalaan ng Navotas City ang kahalagahan sa pagkakaroon ng episyenteng flood control system sa lungsod.

Kanilang kinilala ang pagbibigay halaga sa proyektong flood control na makatutulong lalo na sa panahon ngayon na maulan dulot ng Habagat. Anila'y sa kabila ng pagbuhos ng ulan, patuloy na pinagagana at napakikinabangan ang coastal dike, flood gates, concrete box culverts at pumping stations ng lungsod. Layon daw dito na mapanatiling kontrolado ang tubig baha at mapigilan ang 'seawater' na makapasok sa mga komunidad kapag hightide habang inaalis ang tubig-ulan mula sa mga kalsada. Binigyang diin ni Navotas Rep. Toby Tiangco na bagama't kita ang naitutulong ng flood control system sa lungsod, hindi pa umano ito kumpleto at marami pang kinakailangan ayusin. Kung kaya't titiyakin daw nilang patuloy na mabibigyan atensyon ang mga proyektong makapagbibigay proteksyon sa mamamayan kontra sa dulot na pagbaha ng malalakas na pag-ulan at mataas na tubig.

# Singil sa kuryente ngayong Agosto, inaasahang tataas dahil sa umento sa transmission rate

Inaasahang tataas ang electricity bill ng mga consumer sa Luzon, Visayas at Mindanao dahil sa pagtaas ng transmission charge ngayong Agosto.

Ayon sa National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), umakyat kasi ng 22.22% ang transmission rate para sa July 2026 billing period, mula P1.4367 tungo sa P1.7560 kada kilowatt-hour.

Pangunahing dahilan nito ang 30.85% na pagtaas sa ancillary services charges, mula P0.7941 tungo sa P1.0391 kada kilowatt-hour.

Nilinaw ng NGCP na wala itong kinikita sa ancillary services, dahil direktang ipinapasa ang mga bayad sa mga service provider at iba pang kaukulang entity.

Ang transmission charge ay bayad sa paghahatid ng kuryente mula sa mga power supplier patungo sa distribution system, na binabayaran sa NGCP.



# Flood-mitigation efforts ng Marikina LGU, binigyan halaga sa pagpigil ng pagtaas ng baha sa lungsod

Binigyang halaga ng lokal na pamahalaan ng Marikina ang pangunguna sa flood mitigation o mga hakbang mapigilan ang pagbaha at pagiging handa sa tuwing may kalamidad.

Kinilala ang naimbag ng flood control infrastructure sa lungsod na siyang isa sa mga nakatulong umano upang hindi tumaas ang tubig-baha kasabay ng malalakas na pag-ulan dulot ng bagyo at Habagat.

Ayon kay Marikina City Mayor Maan Teodoro, ang pagbuti ng sitwasyon ay bunsod aniya sa tuloy-tuloy na mga aksyon kontra baha kabilang ang dredging ng Marikina River.

Bagama't kadalasan bahain dati, anila'y madaraanan na ngayon ang mga pangunahing kalsada at komunidad sapagkat nananatiling walang naiipon na tubig baha.

Binanggit pa ng alkalde ang buong-taong paglilinis at maintenance ng mga kanal, sapa, daluyan ng tubig at maging ang pagpapalakas ng drainage capacity ng Marikina upang mapagtibay ang kakayahan harapin ang pagbaha.

Nagpapaala naman si Marikina 1st District Rep. Marcy Teodoro sa publiko na manatili pa ring alerto at makibahagi sa pagpapanatili ng kalinisan.

# 40 portable generators mula PH, ipinadala sa Ukraine

Ipinadala ng Pilipinas ang 40 portable power generators upang makatulong sa mga komunidad na apektado ng patuloy na pag-atake sa energy infrastructure ng bansa.

Ang mga Daiden generator, na may kapasidad na tig-6 kilowatts, ay dumating sa isang hub ng Ministry of Energy ng Ukraine noong Agosto 12.

Gagamitin ang mga ito para sa mga sibilyan, kabilang ang backup power para sa mga pasilidad na mahalaga sa mga komunidad.

Nagsimula ang humanitarian initiative matapos ang naging meeting noong Pebrero nina Ukrainian Ambassador Yuliia Fediv at Senator Erwin Tulfo, na tumulong upang maisulong ang proyekto.

Ipinagkaloob naman ng Highball Traders Inc. ang mga generator. Ipinadala ang mga ito mula Pilipinas patungo sa Port of Gdansk sa Poland bago ihatid sa Ukraine sa pamamagitan ng rescEU Donations Scheme ng European Union Civil Protection Mechanism, sa tulong ng Poland's Governmental Strategic Reserves Agency.

Inaasahang makatutulong ang mga generator na mapanatili ang kuryente sa mga mahahalagang pasilidad at mapalakas ang kakayahan ng mga komunidad na magpatuloy sa kanilang mga pangunahing serbisyo sa gitna ng mga pag-atake sa energy infrastructure ng Ukraine.



# Trump, idedeklarang teritoryo ng US ang Strait of Hormuz

Nakatakdang ideklara ni U.S. President Donald Trump bilang teritoryo ng Amerika ang Strait of Hormuz matapos makumpletong matalo ang Iran.

Kinumpirma ito ni Trump sa isang political rally sa isang police academy sa New York state.

Matatandaang magkasamang inilunsad ng US at Israel ang giyera kontra sa Iran noong Pebrero 28 sa layuning waksan ang kontrobersiyal na nuclear program nito na nagbunsod ng malawakang kaguluhan sa Gitnang Silangan.

Subalit gumanti ang Iran sa pamamagitan ng pagtatatag ng de facto control sa Strait of Hormuz, na isang mahalagang daanan ng malaking bulto ng langis sa buong mundo at iba pang commodity shipping.

Sa kasalukuyan, patuloy ang isinasagawang blockade ng US sa Iranian ports sa pagtatangkang maparalisa ang ekonomiya ng Iran habang pinipigilan naman ng Tehran ang access ng mga sibilyang barko at US Navy sa Strait of Hormuz.



## Pagbisita ni Kris Aquino sa First Lady, senyales ng magandang ugnayan —Malacañang

Itinuturing ng Palasyo Malacañang na senyales ng magandang relasyon ng dalawang pamilya ang pagbisita ni Queen of All Media Kris Aquino at ng kanyang mga anak na sina Josh at Bimby kay First Lady Liza Araneta-Marcos.

Ayon kay Palace Press Officer at Communications Undersecretary Claire Castro, bagama't wala pa umanong ibinabahaging detalye ang First Lady tungkol sa kanilang pag-uusap, nagpapakita umano ang pagbisita ni Kris nang maayos na relasyon ng magkabilang panig.

Sinabi ni Castro na sinubukan niyang tanungin ang First Lady tungkol sa kanilang pagkikita, pero wala pa itong ibinabahaging impormasyon.Mga Sikat na Quotation

Hindi rin malinaw kung ano ang pinag-usapan nina Kris at ng First Lady.

Gayunpaman, sinabi ni Castro na naging masaya umano ang magkabilang panig sa naturang pagbisita.

Kung sakaling magbahagi ang First Lady ng detalye tungkol sa kanilang pag-uusap, sinabi ni Castro na ibabahagi rin niya ito sa publiko.

Matatandaang mismong si First Lady Liza Araneta-Marcos ang nagbahagi sa kanyang Facebook page tungkol sa pagbisita nina Kris, Josh at Bimby nitong Linggo, Agosto 9.

Nagdala umano ang mag-iina ng ilang cake para sa First Lady bilang sorpresa bago ang kanyang kaarawan sa Agosto 21.

Nagpasalamat naman ang First Lady sa kanilang pagbisita.

## Heart Evangelista, may paalala sa publiko tungkol sa mga hinahangaan na personalidad sa SocMed

Nagpaalala ang aktres at Global Fashion Icon na si Heart Evangelista sa mga netizen na maging mapanuri sa mga taong hinahangaan at sinusundan nila sa social media.

Sa isang panayam sinabi ni Heart na hindi lahat ng nakikita online ay nagpapakita ng buong pagkatao ng isang tao.

Aniya, kung ang isang tao ay tila "too good to be true," malaki ang posibilidad na madalas ay hindi ito totoo.

Binigyang-diin din niya na may mga taong mukhang mabait at palakaibigan online pero iba naman ang kanilang pakikitungo sa personal.

"Usually, the people you think are the ones who are constantly trying to be one with everyone are actually the real bullies because they're not like that in person," ani Heart.

Nagbigay rin siya ng paalala tungkol sa tagumpay at kasikatan.

Ayon pa sa aktres, gaano man kataas ang marating ng isang tao, mahalagang huwag kalimutan kung saan siya nagsimula, manatiling mapagpakumbaba at nakatapak ang paa sa lupa.

Hinimok din niya ang mga taong biglang sumikat online na huwag hayaang makaapekto sa kanilang ugali ang pagiging viral online.

"Be kind to everyone. Don't be a bully," dagdag ni Heart.

# SoKor leader, pabor sa pagbabago ng konstitusyon para sa 4-year two-term presidential system



Pumabor si South Korean President Lee Jae Myung sa pagbabago ng sistema ng pamahalaan sa bansa upang gawing apat na taon ang termino ng pangulo na may pahintulot para sa re-election, kasabay ng paglilipat ng ilang kapangyarihan nito patungo sa parlamento.

Ayon kay Pangulong Lee, nananatili ang kaniyang posisyon mula pa noong 2022 presidential campaign na kailangang amyendahan ang konstitusyon ng South Korea na halos 40 taon nang hindi nababago.

Sa kaniyang panukala, nais niyang bawasan ang tinatawag na "imperial presidency" sa pamamagitan ng paglilipat sa National Assembly ng ilang kapangyarihan sa pagpili ng Prime Minister, mga appointment, at sa Board of Audit and Inspection.

Inihayag din ng isang opisyal mula sa Blue House na handa man lang paikliin ng Pangulo ang kaniyang sariling termino kung kinakailangan upang maisakatuparan lamang ang reporma sa saligang batas batay sa kasunduan ng iba't ibang partido sa parlamento.

Sa kasalukuyang sistema ng South Korea, limitado lamang sa iisang limang taong termino ang panunungkulan ng isang pangulo nang walang karapatang tumakbo muli.



## Nasawi sa lindol sa Indonesia umabot na sa 47

Pumalo na sa 47 katao ang nasawi dahil sa pagtama ng magnitude 7.7 na lindol sa Indonesia. Ayon sa National Disaster Management Agency (BNPB) na inaasahan na tataas pa ang bilang ng mga nasawi kung saan marami pa rin ang sugatan sa insidente.

Ilang mga gusali rin ang nagtamo ng matinding pinsala dahil sa nasabing lindol. Ang nasabing pagyanig ay sinundan pa ng magnitude 6.1 na aftershock. Ilang residente sa lugar kung saan nangyari ang lindol ang pinalikas na rin ng mga otoridad. Patuloy pa rin na hinahalughug ng mga opisyal ang mga gusaling napinsala para mahanap ang mga natabunan dahil sa lindol.

## Bianca Umali, nagsalita na sa pag-amin ni Ruru Madrid na nag-cheat siya

Nagsalita na ang aktres na si Bianca Umali matapos aminin ng kaniyang boyfriend na si Ruru Madrid na minsan na siyang nag-cheat sa kanilang relasyon.

Matatandaang ikinuwento ni Ruru na natukso siya sa ibang babae habang sila pa ni Bianca. Dahil dito, naghiwalay ang dalawa at tumagal nang walong buwan ang kanilang break.Humingi umano ng tawad si Ruru kay Bianca at kalaunan ay nabigyan siya ng aktres ng second chance.

Ayon sa aktor, pinatunayan niya ang kaniyang pagmamahal kay Bianca at hindi na niya inulit ang kaniyang pagkakamali.

Sa panayam ni Ogie Diaz kay Bianca, tinanong ang aktres tungkol sa pag-amin ng kaniyang boyfriend.

inabi ni Bianca na pinili niyang patawarin si Ruru at sa halip ay binigyang-diin ang kahalagahan ng pagiging mabait at pag-unawa sa mga pinagdaraanan ng ibang tao.Mga Drama sa TV

"I think, the best advice to give to everyone is to always choose kindness at the end of the day," ani Bianca.

Ayon pa sa aktres, maaaring makaranas sila ng pagkakamali, ngunit mahalagang piliing maging mas mabuting tao sa kabila ng mga pinagdaanan.Hinimok din niya ang publiko na huwag magtanim ng sama ng loob, lalo na kung may taong nagkasala sa kanila.

"Huwag tayong humawak at manatili sa galit, sa sama ng loob," wika ng aktres.

Para kay Bianca, mahalagang matutong magpatawad sa mga taong nagkakamali."Wala pong mas tama pa sa pagpapatawad," dagdag nito.



## 'Sway' singer Bic Runga magsasagawa ng konsiyerto sa bansa

Nakatakdang magsagawa ng konsiyerto ang singer-songwriter na si Bic Runga sa bansa.

Ayon sa promoter na Midas Promotions, isasagawa ang kaniyang konsiyerto sa darating na Oktubre 1 sa Skydome.

Nakilala ang singer sa kanta niyang "Sway" na sumikat noong 1997.

Ang New Zealand singer-songwriter ay naglabas na ng tatlong studio albums kung saan pumatok ito sa iba't-ibang henerasyon.



## Zelensky, sinabing masisira ng Ukraine ang lahat ng Russian ballistic missiles kung ibebenta ang 10% ng US Patriots

Inihayag ni Ukrainian President Volodymyr Zelensky na kung ibebenta ng United States ang 10% ng kanilang mga "Patriot interceptor missile," masisira ng Ukraine ang lahat ng "ballistic missile" ng Russia.

Sa isang panayam, sinabi ni Zelensky na humihiling siya ngayong taon sa kanilang US partners na ibenta sa kanila ang 5% ng mga missile na mayroon sila sa kanilang mga weapon storage.Aniya, kung ibebenta sa kanila ang 5% ng interceptor missile, makatatawid sila sa taglamig at makapagliligtas ng mga buhay ng tao.Subalit kung maibebenta sa kanila ang 10%, wawasakin nila ang lahat ng ballistic missiles ng Russia.Ang hinihingi ni Zelensky ay mga interceptor missile para sa Patriot air defense system. Ito ay isang uri ng mabisang panangga sa himpapawid. Ginagamit ito para itumba o barilin ang mga dumarating na bomba o missile ng kaaway bago pa man ito bumagsak sa lupa.

Sa kasalukuyan, 1% pa lamang ng kabuuang suplay ang hawak ng Ukraine, kaya patuloy silang nahihirapan laban sa mga pag-atake ng Russia.



# Japan, nakaranas ng 'unprecedented rainfall' na kumitil na ng 6 katao; Libu-libo, stranded sa Narita Airport

Nakararanas ngayon ng "unprecented rainfall" sa eastern Japan na nagdulot ng mga malawakang pagbaha at landslide na ikinsawi ng anim na katao at ikinasugat ng limang iba pa.

Ayon sa mga awtoridad, kabilang sa mganasawi ay isang babae na nasa loob ng kaniyang sasakyan na nalubog sa baha sa kalsada habang dalawa naman ang nag-collapse sa kalsada at kalaunan ay namatay.

Bunsod nito, pinayuhan ang mahigit 100,000 residente na lumikas na matapos ang mga naitalang landslide at pagkawala ng suplay ng kuryente dahil sa malalakas na buhos ng ulan.

Mahigit 20,000 households ang nawalan ng suplay ng kuryente habang mayroong 7,000 biyahero ang napaulat na stranded sa magdamag sa may Narita Airport sa kabisera ng Tokyo.

Sa may Chiba, malapit sa Toky, nakapagtala ng mahiogit 100mm ng ulan kada oras simula hapon nitong Huwebes. Ito ay tatlong beses ng average rainfall ngayong Agosto at pinkamataas na naitala sa bansa.

Kaugnay nito, nag-isyu na ang mga lokal na awtoridad ng level five emergency warning, ang pinakamataas na alerto, nitong Huwebes, subalit ibinaba ito sa level four nitong Biyernes ng umaga. Sa kabila nito, patuloy pa rin ang babala sa mga panganib ng pagguho ng lupa at pagbaha.

Ang mga malawakang pagbaha ay kasunod ng mga serye ng bagyong tumama sa Japan at mga karatig na bansa ngayong linggo, bunsod ng kanilang forecast na kakaibang active typhoon season.

Inaasahang magtatagal pa ang mga pag-ulan hanggang gabi nitong Biyernes.



## History Facts

### In the Ancient Olympics, athletes performed naked



The athletes did this to imitate the Gods but also to help them easily clear toxins from their skin through sweating after each attempt at a sport.

In fact, the word "gymnastics" comes from the Ancient Greek words "gumnasía" ("athletic training, exercise") and "gumnós" ("naked").

This translates as "to train naked."

### ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 8 | 1 | 9 | 4 | 2 | 7 | 6 | 3 |
| 9 | 2 | 7 | 5 | 6 | 3 | 4 | 1 | 8 |
| 6 | 4 | 3 | 1 | 7 | 8 | 9 | 2 | 5 |
| 8 | 1 | 6 | 3 | 9 | 7 | 5 | 4 | 2 |
| 4 | 7 | 5 | 8 | 2 | 1 | 6 | 3 | 9 |
| 3 | 9 | 2 | 6 | 5 | 4 | 8 | 7 | 1 |
| 7 | 6 | 9 | 2 | 1 | 5 | 3 | 8 | 4 |
| 2 | 5 | 8 | 4 | 3 | 6 | 1 | 9 | 7 |
| 1 | 3 | 4 | 7 | 8 | 9 | 2 | 5 | 6 |

### MONDAY - SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | 9 | | 6 | | 7 | 3 | 4 | |
| | | | 3 | | 4 | 2 | 6 | |
| 6 | | 4 | | 2 | 8 | | | |
| | | | | 6 | 5 | | | |
| | 6 | 7 | 2 | 4 | 3 | 8 | 5 | |
| | | | 9 | 8 | | | | |
| | | | 4 | 5 | | 6 | | 1 |
| | 1 | 5 | 8 | | 6 | | | |
| | 7 | 6 | 1 | | 9 | | 8 | 4 |





#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City

Contact : Juliana Diesta # 09052264801

krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 24 - 30, 2026




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 24 - 30, 2026


## CROSSWORDS

### Across

1. Magic: The Gathering fan's collection
6. "You are __": map message
10. Slugger Sammy
14. Capital of Ghana
15. Yemen neighbor
16. Birds associated with wisdom
17. Attraction in a neighborhood park
19. Skewed view
20. Flow slowly
21. General idea
22. Lobby group for seniors
25. Illuminating item in an emergency kit
29. Word before metal and music
31. Buoyant
32. Kitchen tool needed for some potato dishes
34. Commuter's fee
35. Garden implement
38. Phone history list
40. Fail to show up for
42. Streaming interruptions
43. Argentine author Jorge __ Borges
45. Italian town with a namesake coast
46. "Go Birds!" NFL team
48. Iron alloy
49. Outing for two couples
53. Literary governess Jane
54. Up to
55. Love, in Spanish
57. Actor Estrada
58. Consecutive, or a hint to what can follow the first parts and precede the second parts of 17-, 25-, 38-, 40-, and 49-Across
64. Country singer Lovett
65. Shrek, for one
66. Nintendo's The Legend of __
67. Notices
68. Some small dogs
69. Official order

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | ■ | 6 | 7 | 8 | 9 | ■ | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | | | | | ■ | 15 | | | | ■ | 16 | | | |
| 17 | | | | | 18 | | | | | ■ | 19 | | | |
| ■ | ■ | ■ | 20 | | | | ■ | ■ | ■ | 21 | | | | |
| 22 | 23 | 24 | | ■ | 25 | | 26 | 27 | 28 | | | | | |
| 29 | | | | 30 | ■ | 31 | | | | | | ■ | ■ | ■ |
| 32 | | | | | 33 | ■ | 34 | | | | ■ | 35 | 36 | 37 |
| 38 | | | | | | 39 | ■ | 40 | | | 41 | | | |
| 42 | | | ■ | 43 | | | 44 | ■ | 45 | | | | | |
| ■ | ■ | ■ | 46 | | | | | 47 | ■ | 48 | | | | |
| 49 | 50 | 51 | | | | | | | 52 | ■ | 53 | | | |
| 54 | | | | | ■ | ■ | ■ | 55 | | 56 | | ■ | ■ | ■ |
| 57 | | | | ■ | 58 | 59 | 60 | | | | | 61 | 62 | 63 |
| 64 | | | | ■ | 65 | | | | ■ | 66 | | | | |
| 67 | | | | ■ | 68 | | | | ■ | 69 | | | | |

### DOWN

1. Lid
2. Knee surgery target, for short
3. Color TV pioneer
4. Unproductive period
5. Mint family herb
6. Fuss
7. Down Under bird
8. Appeared in print
9. Cease
10. "That's that, then"
11. In debt
12. Cut drastically, as prices
13. Valuable quality
18. Gridiron official
21. Ski races with gates
22. Pet welfare org.
23. On track to win
24. Film spools
26. Away from the bow, on a boat
27. Untidy one
28. Say hi, in slang
30. Dishy memoir
33. Cheek colorer
35. Like moth-eaten clothing
36. Buyer's proposal
37. Submit taxes online
39. __ the lily: add unnecessary decor
41. Sloshy mattress
44. Salty expanse
46. Chargeable two-wheelers
47. Poles in a tomato garden
49. Old-fashioned showdowns
50. Sandwich request
51. Purposeful
52. First responder: Abbr.
56. Flow slowly
58. Droid
59. In the past
60. Get weepy
61. "__ Baba and the Forty Thieves"
62. Public health agcy.
63. Dennings of "WandaVision"

### ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | P | A | R | ■ | A | D | O | R | E | ■ | O | B | E | Y |
| T | O | N | I | ■ | C | O | R | E | R | ■ | S | I | T | E |
| O | L | D | S | ■ | R | O | G | E | R | ■ | C | L | A | W |
| M | A | S | Q | U | E | R | A | D | E | B | A | L | L | ■ |
| P | R | O | U | D | ■ | S | N | Y | D | E | R | ■ | ■ | ■ |
| ■ | ■ | ■ | E | O | N | ■ | ■ | ■ | ■ | S | N | I | P | ■ |
| A | T | P | ■ | N | O | T | I | M | E | T | O | D | I | E |
| C | H | A | I | ■ | R | E | N | E | W | ■ | D | E | N | Y |
| C | A | P | T | A | I | N | S | L | O | G | ■ | A | T | E |
| ■ | W | I | S | P | ■ | ■ | ■ | ■ | K | I | D | ■ | ■ | ■ |
| ■ | ■ | ■ | A | B | A | S | E | D | ■ | R | A | D | I | O |
| ■ | L | E | T | S | G | E | T | R | O | L | L | I | N | G |
| T | O | U | R | ■ | A | P | H | I | D | ■ | L | A | I | R |
| D | O | R | A | ■ | S | I | E | V | E | ■ | A | N | T | E |
| S | T | O | P | ■ | P | A | R | E | S | ■ | S | A | S | S |

## MONDAY WORD HUNT

### CSI: MIAMI



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | I | M | E | C | S | H | E | R | X | M | A |
| X | R | J | H | A | C | A | L | N | L | C | M |
| E | O | I | T | L | I | A | D | N | A | L | A |
| L | A | O | P | L | T | P | E | T | B | I | C |
| A | G | I | E | I | S | D | E | L | K | O | L |
| O | I | D | F | S | I | H | P | I | E | O | U |
| O | D | J | L | N | S | O | S | L | I | A | M |
| R | E | O | O | A | L | R | D | A | D | E | I |
| O | Y | N | W | T | L | A | C | I | R | E | A |
| N | E | A | P | A | A | T | L | S | R | O | M |
| L | C | T | N | L | B | I | T | I | I | T | I |
| W | A | H | Y | I | A | O | D | H | D | N | A |
| E | R | A | O | A | M | U | R | D | E | R | L |
| A | T | N | L | N | C | A | I | N | E | P | P |

CAINE
ALEX
DNA
BALLSISTICS
SPEEDLE
TIM
RYAN
WOLFE
ERIC
DELKO
CALLI
TRIP
NATALIA
MURDER
TRACE
LAB
MIAMI
DADE
HORATIO
TOGO
JONATHAN

# Alex Eala haharap sa world No. 10 Amanda Anisimova sa Cincinnati Open



Panibagong malaking hamon ang naghihintay kay Alex Eala matapos umabante sa third round ng Cincinnati Open, kung saan makakaharap niya ang world No. 10 na si Amanda Anisimova ng Estados Unidos.

Umakyat sa Round of 32 si Eala matapos manguna, 6-1, 3-0, laban kay Romanian Elena-Gabriela Ruse bago ito nagretiro dahil sa injury sa kanang paa.

Samantala, diretso namang umabante si Anisimova matapos talunin si Zeynep Sonmez, 6-2, 6-3.

Ito ang unang pagtatagpo nina Eala at Anisimova sa kanilang career.

Masusubok dito ang magandang momentum ni Eala matapos niyang makuha ang kanyang unang WTA Tour title sa DC Open at makapagpakita ng matatag na kampanya sa North American hard-court swing.

Ang laban ay nakatakda sa Lunes ng gabi, Agosto 17, oras sa Pilipinas, sa Mason, Ohio.Philippine history books

## Josh Kushner, Bob Iger, binili ang Lakers sa halagang $12.5-B



Iniulat na binili ng American businessman na si Josh Kushner at dating Disney executive na si Bob Iger ang Los Angeles Lakers sa halagang $12.5 billion.

Nabatid na kukunin nina Kushner at Iger ang controlling interest sa Lakers mula kay Mark Walter, na bumili ng majority stake sa koponan mula sa pamilyang Buss sa halagang $10 billion noong Oktubre 2025.

Sinabi nina Kushner at Iger na malaking karangalan para sa kanila ang maging bagong mangangasiwa ng isa sa pinakakilalang basketball teams sa mundo.

Nangako rin silang ipagpapatuloy nila ang tagumpay ng Lakers at palalakasin ang ugnayan ng koponan sa mga tagahanga at sa Los Angeles.

Samantala, sinabi ni Walter na isa sa pinakamalaking karangalan ng kaniyang buhay ang pagmamay-ari ng Lakers, at naniniwala siyang marami pang tagumpay ang naghihintay sa koponan.

Bago ang pagbili sa Lakers, iniulat na kabilang sina Kushner at Iger sa mga interesadong grupo na naghahangad makakuha ng NBA expansion team sa Las Vegas.

Ang Lakers, na itinatag noong 1947, ay nakapaglaro sa 32 NBA Finals at nagkampeon ng 17 beses, pangalawa lamang sa Boston Celtics na may 18 titulo.

PVN SPORTS

VOL. 09 ISSUE NO. 04 AUGUST 24 - 30, 2026 ₱ 15.00

## Ben Simmons, hindi isinasantabi ang posibilidad ng NBA comeback

Hindi isinasantabi ni dating No. 1 overall pick Ben Simmons ang posibilidad ng pagbabalik sa National Basketball Association (NBA), matapos ang kaniyang pagpapagaling sa back injury.

Kasalukuyang nasa Austalia ang dating All-Star player para makibahagi sa minicamp ng Australian national team.


Nakatakdang maglaro ang dating NBA forward para sa Boomers sa 2028 Olympics sa Los Angeles, ngunit kailangan muna niyang dumaan sa training kasama ang national team para makakuha ng spot.

Huling naglaro si Simmons sa national team ng Australia noong 2013 kung kailan isa pa lamang siyang teenager noon. Mula noon, tatlong Olympics na ang kaniyang pinalagpas dahil sa iba't-ibang kadahilanan, tulad ng kaniyang kalusugan.

Sa isang panayam kay Simmons, sinabi niyang bukas siya para sa isang reunion sa Philadelphia 76ers kung saan siya dating naglaro. Sa naturang team, nagawa niyang makapasok sa All-Star Game sa tatlong season. Dati rin niyang naibulsa ang Rookie of the Year Awards noong 2017-2018.

Batay sa report ng ilang NBA insiders, may ilang team din sa liga na nag-aalok sa kaniya ng non-guaranteed deal para makibahagi sa minicamp, bago ang nakatakdang pagsisimula ng 2026-2027 Season.

Hawak ni Simmons ang career stats na 13.1 PPG, 7.2 APG, 7.4 RPG, at 1.5 SPG.



## EJ Obiena, nasungkit ang ika-7 ginto ngayong season sa Germany

Patuloy na namamayagpag ang Filipino pole vault star na si EJ Obiena matapos masungkit ang kanyang ikapitong gintong medalya ngayong season sa International Stabhochsprung Meeting sa Jockgrim, Germany.

Naitala ni Obiena ang 5.83 meter high dahilan para masungkit ang kampeonato, ilang araw lamang matapos din niyang magwagi sa Halberstadter Hohenflug.

Nakalamang si Obiena kay Siefeldin Abdelsalam ng Qatar sa pamamagitan ng countback matapos pareho silang lumundag ng 5.83 meter. Nakuha naman ni Ersu Sasma ng Turkey ang bronze medal matapos maitala ang 5.77 meter high sa 12-man competition.

Matapos maselyohan ang panalo, sinubukan pa ni Obiena na lampasan ang 5.93 meter upang maitala ang kanyang season-best, ngunit hindi niya ito nalundagan.

Aminado ang Filipino Olympian na hindi naging madali ang kompetisyon dahil sa ilang naging problema sa warm-up ngunit masaya pa rin daw siya sa naging resulta ng kanyang laban.



## Wolves, ireretiro na ang No. 21 jersey ni Kevin Garnett



Ireretiro na ng Minnesota Timberwolves ang No. 21 jersey ng dating NBA star na si Kevin Garnett.

Gagawin ang retirement honors sa Target Center sa Feb. 28, 2027, sampung taon mula noong tuluyan siyang magretiro sa liga.

Kung babalikan, ginugol ni Garnett ang unang 12 taon ng kaniyang karera sa Wolves at naakay niya ang naturang koponan sa kauna-unahan nitong playoff appearance noong 1997.

Sa sumunod na walong season, tuloy-tuloy na nakapasok ang Wolves sa postseason hanggang sa makatuntong sila sa Western Conference Finals noong 2004.

Gayunpaman, na-trade sa Boston Celtics si Garnett kung saan niya nakuha ang kaniyang tanging NBA championship noong 2008.

Bumalik pa siya sa Minnesota noong 2015 ngunit tuluyan ding nagretiro sa sumunod na season.

Bago p man ito, dati nang nagdesisyon ang Wolves na iretiro ang No. 21 jersey ni Garnett noong 2016 at mula noon ay hindi na pinayagan ang sinumang manlalaro ng Minnesota na isuot ang naturang jersey number.

Gayunpaman, hindi ito tinanggap noon ni Garnett dahil sa alitan nila ng dating Timberwolves owner na si Glen Taylor.

Matapos maibenta ang Wolves sa mga bagong may-ari, inaasahang dadalo na ang Minnesota legend sa isasagawang seremonya sa susunod na taon.

## NBA star Anthony Edwards, dumating na sa Maynila para sa fan events



Dumating na sa Maynila ang four-time NBA All-Star at Minnesota Timberwolves star na si Anthony Edwards para sa serye ng engagements ngayong weekend. Ibinahagi ng isang brand nitong Huwebes ang mga larawan ni Edwards kasama ang ilang Filipino content creators na kahawig ng mga NBA players. Tampok sa kaniyang pagbisita ang "Believe That. Tour" Fan Fest na gaganapin sa Agosto 15 sa Bonifacio Global City o BGC. Libre at bukas sa publiko ang event sa 5th Avenue at C1 Park. Bahagi rin ng mga aktibidad ang "Believe That. Challenge," isang nationwide 1-on-1 basketball tournament.

May pagkakataon ang mananalo na maiuwi ang P100,000 at makatanggap mismo kay Edwards ng championship crown.

Si Edwards, 24, ay naging first overall pick ng 2020 NBA Draft. Dalawang beses din siyang napabilang sa All-NBA Second Team, naging 2026 NBA All-Star Game MVP, at nagwagi ng Olympic gold medal kasama ang Team USA sa 2024 Paris Olympics.

## Alas Pilipinas Girls finishes 15th in FIVB U17 World Championship

The Philippines ended its campaign in the FIVB Volleyball Girls' U17 World Championship on a high note Sunday, beating Czechia, 21-25, 25-22, 25-14, 25-22, at the Parque Estadio Nacional in Santiago, Chile.

The Alas Pilipinas Girls, bannered by Caera Celis, Xyz Rayco, Jhaynna Bulandres, Irish Mahinay and Khaira Manzano, placed 15th, which is the country's best performance in any volleyball world championship.

The Philippines finished 19th at the 2025 FIVB Men's World Championship, and 18th at the 1974 FIVB Women's Volleyball World Championship in Mexico.

Celis noted that while every moment of the tournament was special, nothing beats the feeling of winning.

"We learned a lot from every game, even when we made mistakes. But the victories were for sure the most fun we had here," Celis, who scored 25 against Czechia, said in a news release.

She averaged 18 points per game, matching the tournament's third-highest total score of 162 and was fourth in total attack points at 141. Rayni Merab Mondesi Arias of the Dominican Republic topped both departments with 217 attack points and 235 total.

Rayco, meanwhile, matched the ninth-best total in the tournament for successful receives at 38, while averaging 9.33 points.

Nadeth Herbon matched the 14th-best total at 33. Chinese Taipei's Ting-yi Chen had the highest total of 88.

Herbon, who played outside hitter twice while taking the role of libero in the other matches, was 11th in the digs department with 95. Peru's libero Vannia Giordana Adrianzen Ocrospoma led the field with 166.

Mahinay had 15 aces to match the sixth-highest total. Italy's Beatrice Scalzotto topped the list with 23.

Alas Pilipinas Girls, which also feature Madele Gale, Megan Hernandez, Sharina Rhyza Lleses, Resty Olaguir, Frances Ramos, Jello Mauricio, Jhenica Sadia and Taj Arkhea Teves, made it to the Round of 16 with a 2-3 record, beating world No. 8 Mexico in four sets and sweeping past No. 20 Tunisia.

The USA won the gold medal after prevailing over Turkiye, 25-23, 25-11, 25-23, in the final. **(PNA)**

